COVID-19 Exposure Management Plan:

(Plano ng Pangangasiwa ng Exposure sa COVID-19)

Protocol para sa K-12 na Paaralan

APPENDIX X2

Paki Tala: Ang dokumentong ito ay maaari pang mabago sa pagdating ng mga karagdagang impormasyon at resources. I-check ang Long Beach COVID-19 website sa www.longbeach.gov/covid19 para sa mga pagbabago ng dokumentong ito.

Isang tinatarget na pagtugon ng kalusugang pampubliko para mapigilan ang exposure sa COVID-19 sa isang pang komunidad na antas ay makakatulong sa lubos sa epekto ng pagtugon ng Long Beach sa COVID-19.

Ang Mababa (Primary) at Mataas (Secondary) na mga paaralan na nagsisilbi mula Kindergarten hanggang Grade 12 (K-12) ay pinagkakatiwalaang mga kaakibat ng komunidad na makakatulong sa Long Beach Health Department para mapahusay ang pagkanasapanahon at epekto ng pagtugon ng Public Health sa pamamagitan ng matuling pagsisimula ng isang COVID-19 Exposure Management Plan (EMP) kapag may abiso na may mga kaso at kumpol (cluster) ng COVID-19 sa paaralan.

Ang EMP ng paaralan ay maaring maisapatupad bago i-report ang mga kaso ng COVID-19 sa Health Department, nang sa gayon mapabilis ang kakayahan na mapigil ang pagkalat ng COVID-19 at mapahinto ang mga hawaan sa mga paaralan.

Mga hakbang para sa exposure management ng 1,2 at 3 o mahigit pang mga kaso ng COVID-19 sa K-12 na Paaralan ay isinasalarawan at binuod sa Table A sa ibaba. Dahil iba iba ang antas ng mga resources para sa COVID-19 exposure management, mga kinakailangang hakbang ay ang minimum na tinagubiling mga elemento na kailangan maisama sa EMP ng Paaralan. Ang mga rekomendadong hakbang ay may kasamang mga elemento para sa lokalisadong management ng exposure kung saan mayroong mga resources ng paaralan.

Pag-Plano Ng Exposure Management Bago Ang Isang Kaso ng COVID-19 Sa Paaralan

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- **Tagubilin:** Isang naatasang School Covid-19 Compliance Task Force na responsable sa pagbuo at pagpatupad ng lahat ng protocol ng kaligtasan ng COVID-19 at siniseguradong na ang staff at mga estudyante ay makakatanggap ng edukasyon tungkol sa COVID-19. Ang naatasan na COVID-19 Compliance Officer na nagsisilbing taga-ugnay sa Health Department kung may mga kumpulan ng COVID-19 o hawaan sa lugar.
- **Tagubilin:** Isang plano para sa lahat ng mga estudyante at empleyado na hinihinalang may COVID-19 o nag-quarantine dahil sa exposure sa isang kaso sa paaralan na magkaroon nga access sa testing o ma-test para sa COVID-19.

Exposure Management Para Sa Isang Kaso ng COVID-19 Case Sa Paaralan

- **Tagubilin:** Kung ang paaralan ay nasabihan na may 1 kompirmadong kaso (estudyante o empleyado), hihilingin ng School Compliance Task Frice na sundin ang mga instruksyon mula sa Home Isolation Instructions for COVID-19.
- **Tagubilin:** Makikipag-ayos ang School Compliance Task Force sa kaso para makagawa ng listahan ng mga estudyante at empleyado na may exposure sa kaso habang nasa panahon ng impeksyon sa paggamit ng COVID-19 Case Worksheet. Magbibigay ng kinompletong worksheet sa Long Beach Health Department ang School Compliance Officer sa loob ng isang araw mula sa pag-abiso ng kompirmadong kaso.
    - Ang isang kaso ay tinuturing na nakakahawa mula 2 araw bago unang lumabas ang sintomas hanggang sa sila ay di na kinakailangan mag-isolate (hal. walang lagnat sa loob ng 24 oras, na hindi uminom ng gamot na pampababa ng lagnat AT ang mga sintomas ay umigi AT sa loob ng 10 araw mula unang lumabas ang sintomas). Ang isang tao na positibo sa COVID-19 pero walang sintomas ay tinuturing na nakakahawa mula 2 araw mula nagpa-test hanggang 10 araw pagkatapos ng kanilang test.
    - Isang tao ay tinuturing na na-expose kung sila ay isa sa mga sumusunod:
    - A person is considered to have been exposed if they are one of the following:
        - Sino man na lumpait sa 6 talampakan ng taong may sakit ng mahigit na 15 minutos, kahit na may takip na di medikal ay suot;
        - Sino man na nagkaroon ng walang proteksyon na kontak sa mga body fluids o mga talsik ng isang taong kompirmadong may COVID-19 (hal. inubuhan o hinatsingan, humiram ng kubyertos o laway, o nag-aalaga ng walang protective equipment.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- **Tagubilin:** Mga estudyante at mga empleaydo na napag-alaman na may exposure sa kaso ay sasabihan sa pamamagitan ng isang sulat o iba pang paraan ng komunikasyon (tawag, text, robo-calls) ng School Compliance Task Force. Ang template ng Schoool Notification letter ay nasa a COVID-19 Template Notification Letters for Education Settings. Kasama sa sulat ang mga sumusunod na elemento:
    - Mga estudyante at empleyado na may exposure sa kaso ay magpa-test para sa COVID-19, pinaka-mabuti kung 10 araw pagkatapos ng simula ng kanilang quarantine, kahit mayroon o walang sintomas, at ipaalam sa paaralan ang mga resulta. Kung ang tao ay nag-test ng negative habang nasa quarantine, kailangan pa rin manatili sa quarantine sa loob ng 14 araw. Malalaman dito kung gaano kalala ang pagkalat ng sakit sa paaralan at magsisilbing batayan para sa iba pang mga hakbang ng pagkontrol.
        - Kasama sa testing resources ang mga: Employee Health Services o Occupational Health Services, Student Health Center, Personal Healthcare Providers, Community Testing Sites. Mga taong nangangailangan ng tulong sa paghanap ng provider ay maaaring tumawag sa Medi-Cal Outreach Program sa 652.570.7979
    - Sabihan ang mga na-expose na estudyante at empleyado na mag-quarantine simula ng huling paglapit sa may kaso habang nakakahawa, kahit sila ay maging negative pa sa resulta ng test habang na sa quarantine. Ang taong nag-negative sa test habang nasa panahon ng incubation (panahon ng pagsimula ng pagkahawa) ay maaaring magkaroon ng sakit na may sintomas o wala. Sundin ang mga direksyon ng Home Quarantine Guidance para sa COVID-19.
- *Nirerekomenda:* Aalamin ng School Compliance Task Force kung kailangan pa ng karagadagang notipikasyon para ipaalam sa paaralan tungkol sa exposure sa paaralan at mga pag-iingat na gagawin nang mapigilan ang pagkalat ng COVID-19. Isang template ng notification letter ay makukuha sa: COVID-19 Template Notification Letters for Education Settings.

Exposure Management Para Sa Dawalang Kaso sa COVID-19 Sa Paaralan Sa Loob ng 14 Araw

- **Tagubilin:** Kung ang paaralan ay may dalawang kompirmadong kaso (estudyante at/o empleyado) sa loob ng 14 araw, susunding ng paaralan ang mga kinakailangang tagubilin para sa isang kaso.
- *Nirerekomenda:* Susuriin ng School Compliance Task Force kung ang dalawang may epiomiological links (magkasama sa isang lugar at oras noong panahon ng impeksyon*)

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

**Ang isang kaso ay tinuturing na nakakahawa mula 48 oras bago unang lumabas ang mga sintomas hanggang siya ay hindi na mangailagang mag-isolate (walang lagnat sa loob ng 24 oras ma hindi uminom mg gamot na pambaba ng lagnat AT mga sintomas ay humusay AT hindi kukulang ng 10 araw ang lumipas simula unang lumabas ang sintomas). Ang isang tao na may positive na test pero walang sintomas ay tinuturing na nakakahawa mula 48 oras mula nang ang kanilang test ay kinuha hanggang 10 araw pagkatapos ng test.*

- Ang determinasyon ng epidemiological links sa mga kaso ay maaaring mangailangan ng marami pang imbestigasyon para maunawaan ang history ng exposure at matukoy ang lahat ng posibleng lokasyon at mga tao na maaaring na-expose sa kaso habang nakakahawa. May isang tool na makakatulong sa pagsuri ng epidiomological link sa: COVID-19 Exposure Investigation Worksheet for the Education Sector.
- Kung walang epidemiological links, patuloy ang paaralan sa gawain ng pag-monitor ng COVID-19.
- Kung mayroong epidemiologica links, ipapatupad ng paaralan ang mga mensahe sa mga estudyante sa mga pag-iingat para mapigilan ang pagkalat ng sakit sa paaralan kasama na ang mga implementasyon ng mga partikolar na interbensyon sa sityo.

Exposure Management Para Sa Mahigit Sa Tatlong Kaso Ng COVID-19 Sa Paaralan Sa Loob ng 14 Araw.

- **Tagubilin:** Kung ang paaralan ay inabisuhan na may kumpol na tatlong kaso kompirmado (mga estudyante/o empleyado) sa loob ng 14 araw, patuloy ang paaralan sa mga sumusunod na hakbang:
  - I-report ang kumpol sa Long Beach Health Department's Communicable Disease Control Program sa loob ng isang araw na napag-alaman ba ay kumpol sa 562.570.4302.
  - Line List para Cases at Contacts: Case and Contact Line para sa Educational Sector at isomete sa COVID19Edu@longbeach.gov.
  - Pag-aaralan ng COVID-19 School Team ng Health Department ang List para sa Cases at Contacts para malaman kung ang batayan ng pagkalat ay nakamit.
  - Kung nalaman na hindi nakamit ang batayan, patuloy ang pag-monitor ng COVID-19 exposure.

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

- Kung nalaman na ang batayan ay nakamit, kokonsultahin ng Health Department ang paaralan para sa imbestigasyon ng pagkalat at management.
- Magsosomete ang School Compliance Task Force ng hiniling na impormasyon kasama ang mga update sa Education Line List for Cases and Contacts sa OMB Investigator hanggang masolusyonan ang pagkalat (hindi kukulang sa 14 araw simula nang huling kompirmadong kaso)

 Nirerekomenda: Bago i-report ang kaso, susuriin ng School Compliance Task Force kung at tatlong kaso ay may have epidemiological links. May tool na makakatulong sa pagsusuri ng epidemiological links sa: COVID-19 Exposure Investigation Worksheet for the Education Sector.

Batayan Ng Pagkalat ng COVID-19 Outbreak Para sa K-12 Paraalan

Kumpulan Sa Paaralan

Hindi kukulang sa tatlo na kinompirma ng laboratory mula sa iba't ibang bahay na may sintomas o wala ng COVID-19 sa lagpas 14 araw sa grupo o mga grupo na may epidemiological link.

**Kasama sa mga grupo ang mga tao na may mga karaniwang pagsasama, hal. classroom, school event, aktibidad, klase, sports, mga club at transportasyon.*

Table A: Mga hakbang para sa pag-Manage ng Exposures sa 1,2,3 at ≥ 3 COVID-19 na mga Kaso Sa Paaralan

1 Case	1. Makakatanggap ng notipikasyon ang paaralan ng isang kompirmadong kaso sa paaralan. 2. *Tagubilin:* Hihilingin ng Paaralan na sundin ng may kaso ang Home Isolation Instructions for COVID-19 (a). 3. *Tagubilin:* Makakipag-ugnayan ang may kaso para malaman kung sino ang mga nilapitan ng may kaso habang infectious o nakakahawa. 4. *Tagubilin:* Ipapaalam ng paaralan sa mga kontak ng mga exposure sa paaralan. Dapat mag-quarantine agad ang mga kontak nga 14 araw mula sa huling exposure (b) 5. *Nirerekomenda*: Maaaring magpadala ng heneral na notipikasyon para ipaalam sa buong komunidad ng paaralan (ang mga matatanggap ay aalamin ng paaralan) hinggil sa mga exposure at mga pag-iingat na gagawin para mapigilan ang pagkalat. 6. Paki Tala: Mga template ng sulat para sa exposure notification at general notification ay makukuha sa: COVID-19 Template Notification Letters for Education Settings

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV

2 Cases	1. *Tagubilin:* Sundin ang mga hakbang para sa 1 kompirmadong kaso 2. *Nirerekomenda:* Kung ang mga kaso ay sa loob ng 14 araw, aalamin ng paaralan kung mgay mga epidemiological (epi) links (mga kaso na kasama sa parehong lugar at panahon habang nakakahawa) Isang COVID-19 Exposure Investigation Worksheet for the Education Sector tool ay makukuha para makatulong sa pagsusuri ng epi links. *Kung walang epi links→ patuloy ang pag-monitor ng exposure. *Kung mayroong epi links → Ipapasagawa sa mga estudyante at empleyado ang mga mensahe sap ag-iingat para mapigilang ang pagkalat; ipasatupad ang pag interbensyon na partikolar para sa sityo, kung kinakailangan, nang mabawasan ang pag-hawa.
3+ Cases	1. *Tagubilin:* Kung may kumpol na 3 o mahigit pang mga kaso na nangyari sa loob ng 14 na araw sa isa't isa, ipaalam ng paaralan sa Communicable Disease Control Program sa 562.570.4302. 2. *Nirerekomenda:* Bago iapaalam ang kumpol sa Health Department, susuriin muna ng paaralan kung ang mayroong epi links para sa ≥ 3 na kaso (humigit kumulang). 3. Prior to notifying Health Department of cluster, school assesses whether epi links exist for. 4. *Tagubilin:* Kompletuhin ang COVID-19 Case and Contact Line List for the Educational Sector para malaman kung nakamit ang batayan ng pagkalat. *Kung hindi nakamit ang batayan ng pagkalat → patuloy ang paaralan sa pag-monitor ng exposure. *Kung nakamit ang batayan nga pagkalat→ Tutulong ang Communicable Disease Control Program sa pagkontrol ng pagkalat. 5. *Tagubilin:* Hang may imbestigasyon ng pagkalat, ang paaralan ay magbigay ng mga regular na mga updates sa Health Department hanggang masolusyunan ang pagkalat (di kukulang ng 14 araw simula ng huling kompirmadong kaso).
(a)	Health Officer Order, mga kaso ay uutusan mag self-isolate hanggang wala ng lagnat ng di kukulang sa 24 oras (hindi uminom ng gamot na pampababa ng lagnat) AT ang sintomas ay gumaling hanggang 10 araw ang lumipas pagkatapos nga kanilang positive test. http://longbeach.gov/globalassets/health/media-library/documents/diseases-and-condition/information-on/novel-coronavirus/health-orders/isolation-health-order
(b)	Health Officer Order, mga kontak ay uutusan na mag-quarantine ng 14 araw simula sa huling araw ng exposure sa kaso habang ito ay nakakahawa http://longbeach.gov/globalassets/health/media-library/documents/diseases-and-condition/information-on/novel-coronavirus/health-orders/quarantine-order

PARA IREPORT ANG PAGLABAG
TUMAWAG SA: (562) 570-2633 O
EMAIL: CETASKFORCE@LONGBEACH.GOV